サンパウロ出版　「家庭の友」2006. 6 月号
第 12 回カトリック日韓学生交流会（2006. 2. 23〜27）についての特集記事より
お話　『原爆の証人』　服部節子氏（広島市・ｶﾄﾘｯｸ幟町教会）〈2006. 2. 25 語る〉
フィリピン語訳：　関チャット（ ｶﾄﾘｯｸ幟町教会 ）〈2009. 5. 22 訳す〉

# 被爆証言

フィリピン語〈訳〉

Patnugot : Katei no Tomo – Buwanang Pahayagan, Isyu para sa Ikalabingdalawang Pagtitipon (Ika- 23-27 ng Pebrero, 2006) ng Palitan ng mga Estudyanteng Hapones at Koreano, “Saksi sa Pagsabog ng Bombang Atomika sa Hiroshima: Isang Testimonya”, Hunyo 2006 (Saint Paul Press – Paulist Press)
Tagapagsalita: Gng. Setsuko Maria Hattori (Parokyano, Simbahang Katoliko ng Noboricho)
Isinalin sa Filipino ni: Chat Diomampo-Seki (Parokyano, Simbahang Katoliko ng Noboricho)

＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊

Nagkaroon na ng tatlong buhay ang Hiroshima: una ay bilang isang sentrong militar, ikalawa ay bilang isang biktima ng bombang atomika (o ang “A-bomb”), at ngayon bilang isang siyudad para sa kapayapaan. Humigit 60 taon na ang nakalipas noong ang Hiroshima ay isang aktibong sentrong militar, nakatuon sa industriya ng paggawa ng armas at mga kagamitang pandigma. Nakalaan para sa mga gusali at kasangkapang pangmilitar ang humigit 40 porsyento ng siyudad. Mula sa daungan sa timog ng Hiroshima, maraming sundalo at mga kasangkapang pandigma ay naipadala sa Digmaang Tsino-Hapones [1930s]. Ang tagumpay ng bansang Hapon sa pakikidigma sa Tsina, at ang pananakop nito, ay nagbunga ng malawakan at malalim na nasyonalismo sa bansang Hapon.　Subalit, hindi kalaunan, at dahil sa paglawak ng digmaan sa Pasipiko, ang tagumpay ng Hapon ay hindi nagtagal. Sa Labanan sa Midway ang umpisa ng pagkasukol. Mula rito, nagsimula ang matagalan ngunit patuloy na pagurong ng bansang Hapon, kung saan ang imperyalismong pwersang militar nito ay tinugis at walang humpay na sinupil, na sa kahulihan ay nagtapos sa matagalan at mala-trahedya na pakikidigma para sa isla ng Okinawa. Mula 1942 hanggang 1945, karamihan sa mga malalaking siyudad sa bansang Hapon ay natupok dahil sa walang humpay na pagsalakay dito na gamit ang mga bombang panunog. Noong panahon na iyon, pinagmunihan ko kung bakit ang Hiroshima ay hindi sinasalakay sa ganitong paraan at patuloy na ipinapagpaliban sa katulad na kapalaran. Subalit iyon ay nagbago sa umaga ng ika-6 ng Agosto, 1945 nang ibinagsak ng nagiisang B-29 na eroplanong pamboba, ang “Enola Gay”, ang isang bomba sa Hiroshima. Ito ay isang bombang atomika. Pagkalaon, naintindihan ko kung bakit ipinagpaliban sa simula ang Hiroshima, at ito ay sa kadahilanang nakaplanong sadyang gamitin ito para sa ganitong pagkakataon. Mahigit 200,000 na tao ang namatay at mahigit kumulang 300,000 ang napinsala o dagliang nagkaroon ng kapansanan at nahantad sa nakamamatay na radyasyon. Napagalaman ko sa paglaon na ang temperatura sa “hypocenter” o sentro ng atake ay mula sa 3,000 hanggang 4,000 antas Sentigrado.　Kung ikukumpara, kailangan lamang ng kalahati nito, o 1,500 antas Sentigrado, para tunawin ang metal kung kaya’t madaling maintindihan kung gaano kalubha ang pagsabog na ito. Nasa 300

metro kada segundo ang lakas ng ihip ng hangin bunga ng pagsabog ng bomba. Hindi kakayanin ng kahit sino ang tumayo sa gitna ng bagyo na may ihip ng hangin na 50 metro kada segundo lamang. Lahat ng mga gusali sa paligid, hanggang sa 3 kilometro mula sa sentro ng pagsabog, ay gumuho.

Noong panahon na iyon, ako ay 14 na taong gulang lamang at isang mag-aaral sa high school. Karamihan sa mga kalalakihan ay nakikidigma, at kaming mga naiwan ay napagatasan na magtrabaho sa paggawaan ng mga armas at mga kagamitang pandigma sa halip na magaral. Noong ika-6 ng Agosto ay nasa bahay ako, mga 1.7 kilometro mula sa sentro ng atake, nang nasilaw ako ng kung anong kislap [PIKKA, sa salitang Hapon] sa maikling sandali na 0.3 segundo (ayon sa napagalaman ng mga siyentipiko pagkalaon) at pagkatapos ay nakarinig ng putok [DON, sa salitang Hapon]. Mabilis na nakilala ang bombang atomika bilang ang bombang PIKKADON. Ang sinumang nasa labas ng kaniyang bahay ay dagliang nagliyab sanhi ng masidhing init dala ng paunang kislap na iyon. Sumunod sa kislap ay isang malakas na pagsabog na umalog sa bahay na para bang may lindol. Una ay napatapon ako sa ere at pagdaka ay nabagsak sa sahig. Nahirapan akong huminga dahil sa kapal ng usok at dumi sa sahig. Bigla-bigla na lang na gumuho ang kisame pati na ang mga poste ng bahay sa paligid ko. Halos hindi na ako makahinga at naisip ko, "Aaa,.. siguradong mamamatay ako!" Ngunit dahil sa isang palapag lamang ang bahay ko, nakayanan kong makalabas pagkatapos ng ibayong pagsisikap. (Ang mga nakatira sa mga bahay na may dalawa o marami pang palapag ay naipit at natupok nang gumuho ang mga palapag mula sa itaas.) Nagkapunit-punit ang suot kong damit at ako ay naging duguan bunga ng mga basag-basag na salamin na dumikit sa aking katawan. Nang luminga ako sa aking paligid, nakita ko na ang lahat ng bahay ay gumuho at narinig ko ang napakaraming taong nagsusumamong, "Tulungan mo ako!" Madaling maisasalarawan ang nasabi kong pangyayari ng mga nakapagbasa na ng komiks ("manga") na "Barefoot Gen" ("Hadashi no Gen"). Marami ang naipit sa ilalim ng mga gumuhong tahanan, umiiyak at humihingi ng tulong, ngunit hindi rin nakaligtas at sa huli ay natupok sa pagdating ng mga sunog. Sapagkat ang mga nananatiling buhay ay may kaniya-kaniyang malubhang kapansanan, hindi nakayanan magtulungan ng bawat isa. Ang tanging maaring gawin ng sinuman ay ang tumakbo. Tumakbo ako patungo sa malapit na liwasan kasama ang aking ina habang walang patid na pinagmamasdan ang iba pang nagsisitakbo. Punit-punit ang mga damit nila, at nagsisitayo ang mga nasunog nilang buhok. Paglipas ng maraming taon, pinakiusapan ng pamahalaang lokal ng siyudad ng Hiroshima ang mga nakaligtas na ipinta o iguhit ang kanilang malagim na pinagdaanan sa panahon ng trahedya, at ang mga larawang ito ay nilikap. Masidhi ang aking naramdaman at labis akong nagulat sa mga detalyadong pagsasalarawan ng mga taong may mga nasunog at namamagang kamay at mga mukhang nagmistulang mga nakagigimbal na maskara. Ang iba ay ipanakitang tangan ang kanilang mga sumambulat na bituka upang hindi ito magsihulog. May iba namang nakalambitin ang natanggal na mata mula sa kanilang mga mukha. May isang ina, karga ang kanyang anak na nawalan ng tenga, na umiiyak, "Kaawa-awang anak ko!" Ang balat sa braso ng karamihan ay nasunog; sugatan at punit, nakasampay na

mistulang mga basahan, kung kaya't hindi nila maibaba ang kanilang mga braso. Napilitan silang maglakad na para bang mga multo na nakalahad ang mga braso. Karamihan ng tao ay hindi na kinayang makapagisip, at nagpalaboy na lamang para makatakas sa takot. Nararamdamang muli ang takot kapag tumigil sa paggalaw, kaya't ang lahat ay nagpatuloy sa paglalakad, nang malayo at matagal, kahit walang patutunguhan.

Mabilis kumalat ang sunog sa siyudad na nagbunga ng mas maraming pinsala. Walang pumupuksa ng sunog sa kadahilanang ang lahat, pati na ang mga bumbero, kung hindi nakitilan ng buhay, ay malubha naman ang kapansanan. Ang Hiroshima ay nagmistulang isang dagat ng apoy, at sa pagsapit ng gabi, isang nasunog na parang. Kasunod nito ay ulan – malalaki, mabibigat at maiitim na patak ng ulan na parang langis – na bumuhos sa siyudad. Maitim na maitim! Napagalaman ng mga siyentipiko na ang pagakyat ng alikabok at iba't-ibang dumi sa himpapawid, na ipinagsama sa basa-basang halumigmig, ay siyang naging sanhi nitong kakaibang maitim at mistulang langis na ulan. Gayunpaman, masaya kaming naligo sa ulan na ito. Wala kaming kaalam-alam na ang bawat patak ng malamig na ulan na iyon ay may dalang radyasyon. Dahil sa basang-basa ng ulan (at ng radyason!), nagsimula kaming manginig na para bang nilalagnat kahit na kalagitnaan ng taginit. Nang gabing iyon, marami ang natulog sa parang ngunit, sa kasamaang palad, marami sa mga may kapansanan ay pumanaw kinabukasan sa pagbukang-liwayway.

Nang sumunod na umaga, naglakad ako kasama ng aking ina para hanapin ang aking ama. Paglaon ay napagalaman namin na ang ama ko ay napagatasan na magtrabaho malapit sa sentro ng atake at pagdaka'y namatay. Noong panahon na siya ay aming hinahahanap, kinailangan naming magtanong sa aming mga nakakasalubong kung nakita nila ang aking ama. Sa aming paghahanap, hinihila-hila ko ang aking binti. Doon ko lamang napuna na mayroong kung anong korteng tatsulok na nakadikit sa aking binti. Nakadikit na basag na salamin pala. Nang narinig at nakita kami, maraming tao na naghihingalo ang sumigaw, "Tubig! Bigyan mo ako ng tubig!" Kapagdaka, lahat sila ay pumanaw, umiiyak hindi dahil sa kirot ng mga sugat kundi dahil sa pagkauhaw. Sa paggunita, naniniwala ako na ang kanilang pagkauhaw ay hindi lamang pisikal kundi isang malalim na pagkauhaw ng kaluluwa – ang kauhawan na pinagdaanan ni Kristo sa krus noong siya ay sumamo, "Nauuhaw ako!" Sadyang pinag-isa sila sa pagdurusa ni Kristo sa krus.

Noong panahon na iyon, naisip namin na sunugin ang katawan ng mga pumanaw. Nagtipon kami ng mga tuyong sanga ng puno at iniligay ito sa tinipong katawan ng mga namatay, pagkatapos ay binuhusan ito ng gas… kasama rito ang katawan ng maliit na batang lalaking kapitbahay ko, at ng iba pang mga taong hindi ko kilala. Hindi nagtagal, walang natira kundi sunog na mga buto. Naulit ito sa iba't-ibang lugar sa siyudad. Hanggang ngayon, ang Hiroshima ay mistulang isang malawak na libingan. Bakit napakaraming tao ang namatay sa pagbagsak ng bombang atomika? Bago pa man ang atake gamit ang bombang atomika, ang mga kabataan ay

naging abala sa paggiba ng mga gusaling madaling matupok ng apoy bilang paghahanda sa maaring dumating na atake ng mga bombang panunog. Sa pamamagitan ng paggiba ng mga gusaling ito, nakagawa sila ng hadlang sa pagkalat ng apoy at ng mga daang magagamit sa pagtakas ng mga tao. Subalit, ang mga manggagawang ito ay naiwang nakalantad sa epekto ng bombang atomika, at lalo nang nawalan ng proteksyon dahil sa pagkawala ng mga gusali sa paligid. Bago rin ang atake, nakapagtanim ng kamote ang mga sundalong Hapones sa mga nabakanteng lote na ito na dating kinatatayuan ng mga ginibang mga gusali. Parang milagro na patuloy na nabuhay ang mga kamoteng ito at pagdaka ay nakain ng mga tao ang mga talbos nito.

Pagdaan ng maraming linggo, ang mga taong nakaligtas sa kapansanan at mukhang mabuti ang kalagayan ay bigla na lamang nakaranas ng pagdurugo ng ilong, malubhang pagtatae, at pagkalugas ng buhok. Ito ang mga epekto ng pagkakasakit bunga ng radyasyon. Ang bombang atomika ay hindi lamang nakawasak ng mga gusali kundi nakapagkalat rin ng radyasyon sa buong siyudad. Paglaon, ang anak ng kaibigan ko ay nagsimulang makaranas ng mga sintomas ng pagkakasakit bunga ng radyasyon. Ang batang lalaking ito ay hindi makatulog sa gabi kung kaya't nanatiling gising rin ang kaniyang ina. Sa sobrang kapaguran, hindi sinasadyang napagsabihan ng marahas ng ina ang anak niya na matulog na para siya rin ay makapagpahinga. Sumigaw ang umiiyak na bata, sumasamo, "Hindi ko ginusto ang sakit na ito! Hindi ko ito kasalanan! Ibalik sana sa akin ang kalusugan ko. Gusto ko pang mabuhay!" Sa kasawiang palad, anim na taong gulang lamang nang pumanaw ang batang ito. Noong panahon na iyon, may mga babae na tinaguriang mga "dalaga ng bombang atomika" sapagkat sila ay may nakapangingilabot na nasunog na mukha at namumuhay nang malungkot at nagiisa. Ang isa sa kanila ay nagsulat ng tula na pinamagatang "Ibalik ang Ngiti Ko" ("Hohoemi yo, kaere"), na nagsasabing: "Malupit na tadhana pasan ko, Mapanglaw na buhay, Napawi ang ngiti ng dalagang ito, Ngiting hinahanap-hanap, kailan muling maibabalik?"

Sa kasalukuyan, ibinabahagi ng mga kababaihang ito ang kanilang kwento at pinagdaanan, at nagsusumamo para sa kapayapaan upang mapawi ang kanilang kalungkutan. Ako ay nabinyagang Katoliko apat na taon pagkalipas ng pagbagsak ng bombang atomika, at sa pamamagitan ng pagdarasal para sa mga nasawi at para sa kapayapaan, nakaramdam rin ako ng pansariling katahimikan. Alang-alang sa mga pumanaw dahil sa bombang atomika, nagsusumamo ako sa buong mundo, "Tama na ang digmaang nukleyar!"

Ngayon, hinggil sa usapan ng lakas ng pagpinsala, ang mundo ay mayroong higit sa isang milyon na sandatang nukleyar na kapareho ng ibinagsak sa Hiroshima. Bilang isang saksi at isa sa mga nakaligtas sa bombang atomika, puno ng galit kong itinatanong, "Ano ang nangyari sa Hiroshima noong ika-6 ng Agosto, 1945 at bakit hindi tayo natututo?" Kung muling gagamitin ng mas malawakan ang bombang atomika, ganap na mapipinsala ang buong sangkatauhan. Nasisira ng digmaan ang lahat ng bagay; gayunpaman, tanging kapayapaan lamang ang may

kayang muling itayo at buuin ang anumang nasira. Sa ating araw-araw na pakikipagkaibigan, alam nating ang poot at hidwaan ay sumisira ng tiwala, ngunit sa pamamagitan ng pagdarasal at patuloy na pagsuporta sa isa't-isa at pagintindi sa kahinaan ng bawat isa, kakayanin nating magkaroon ng kapayapaan. Ako ay umaasa na sa pamamagitan nito ay mapilitan tayong magisip kung ano ang maari nating gawin para sa pandaigdigang kapayapaan. Higit sa lahat, kailangan nating magpatuloy sa pagdarasal para sa kapayapaan.

Sa pagtatapos, nais kong ibahagi ang kantang ito: Natupok ang aming lupang-tinubuan. Sa sunog na lupa, inilibing namin ang mga buto ng aming pamilya. Doon umuusbong ang mga puting bulaklak ngayon. Hindi natin patatawarin ang dalawang bombang atomika. Kaya't kailangan nating tutulan ang ikatlo. Sa kabuuan ng ating lupang tinubuan… at sa buong mundo.

PS: Si Gng. Hattori ay ina ni Fr. Daisuke Petros Hattori ng Simbahan ng Fukuyama.